



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-59 REGULAR NA PAGPUPULONG NG 9TH SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 18 OKTUBRE 2017, IKA-10:30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Cesar T. Baticos - Tagapangulo
Konsehal David D. De La Cruz
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal John John S. Yason
Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Ruel S. Taytay
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Gualberto V. Magno

Hindi Nakadalo:

Konsehal Joseph M. Galicia - Pangulo, Liga ng mga Barangay

KAPASYAHAN BLG. 080

Taong 2017


KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA PAMILYA AT KAAKAPANG NG YUMAONG G. RUSSELL S. YABUT DATING KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.


SAPAGKAT, si G. Russel S. Yabut ay nagsilbi sa Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro simula noong Enero 6, 1998 hanggang sa sya ay bawian ng buhay noong Oktubre 12, 2017;

SAPAGKAT, bilang isang kawani ginampanan niya ang kanyang tungkulin ng may pagmamalasakit at dedikasyon upang maging karapat-dapat sa mga gawaing iniatang sa kanya.

SAPAGKAT, sa panahong itinigil niya sa daigdig na ito sinikap nyang makatulong sa kanyang kapwa, naging responsableng ama sa kanyang mga anak at mapagmahal na kaniyakin, kapatid at kaibigan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ito, gayundin ang mga namumuno at mga kawani ay buong-pusong nakikiramay at nakikidalamhati sa pagyao ng isang kaibigan at kasamahan sa paglilingkod.


CESAR T. BATICOS


FERDINAND V. TALENS, MPA


DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa mga naulila ni G. Russell S. Yabut ang taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayang ito


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Gng. Rangie A. Yabut at mga anak at kaanak lakip ang mataos na pakikiramay sa pagpanaw ng isang kasamahan sa paglilingkod.

Pinagtibay : 18 Oktubre 2017

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:


CESAR T. BATICOS
Pangalawang Punong Bayan

marz/101817